

Future Hope

Ang Iglesya sa Pananaw ng Pagdating ni Cristo

WEEK 5

WARM-UP

- Masasabi mo bang ikaw ay pasensyoso? Balikan ang isang pangyayaring nagpapakita nito.
- Magkuwento tungkol sa isang taong kilala mo na hindi umiiwas sa isang paghaharap. Sa palagay mo, bakit malakas ang loob niyang magsalita ng diretsahan ayon sa katotohanan?
- Kung mag-iiwan ka sa mga minamahal mo sa buhay ng isang mensahe, paano mo ito gagawin? Ano ang sasabihin mo?

WORD *⁵Dahil namumuhay na kayong lahat sa liwanag at hindi sa kadiliman. . . . ⁸Pero dahil namumuhay na tayo sa liwanag, dapat ay may pagpipigil tayo sa sarili. Gawin natin bilang panangga sa dibdib ang pananampalataya at pag-ibig, at bilang helmet naman ang pag-asa natin sa pagliligtas sa atin ng Diyos. . . . ¹¹Dahil dito, patuloy ninyong pasiglahin at patatagin ang isa't isa, katulad nga ng ginagawa ninyo.*

1 TESALONICA 5:5, 8, 11

Isa sa mga pangunahing tema ng 1 Tesalonica ay ang pagbabalik ni Cristo. Tuwirang tinalakay nina Pablo, Silas, at Timoeo ang mga alalahanin at katanungan ng mga mananampalataya (1 Tesalonica 4:13–5:10). Bilang mga mananampalataya, ang dakilang pagbabalik ni Cristo at ang muling pagkabuhay ng mga namatay ay mga katotohanang pinanghahawakan natin nang may pananampalataya at pag-asa. Ang mga katotohanang ito ay dapat na makaapekto sa ating araw-araw na pamumuhay. Bagama't hindi natin alam kung kailan talaga ito mangyayari, ipinaalala sa atin ng liham kung sino tayo kay Cristo at ang disposisyon na dapat na mayroon tayo: Dapat tayong maghintay at maging mahinahon, at magpatuloy sa pagpapatatag ng isa't isa sa pananampalataya. Sa araling ito, titingnan natin ang mga huling tagubilin na ibinigay ng mga pinuno sa iglesya sa Tesalonica.

1 | Pasiglahin ang loob ng isa't isa.

¹¹Dahil dito, patuloy ninyong pasiglahin at patatagin ang isa't isa, katulad nga ng ginagawa ninyo. ¹²Hinihiling namin sa inyo, mga kapatid, na pahalagahan ninyo ang mga naglilingkod sa inyo na pinili ng Panginoon para mamuno at mangaral sa inyo. ¹³Ibigay n'yo sa kanila ang lubos na paggalang at pag-ibig dahil sa gawain nila. Mamuhay kayo nang may mabuting pakikitungo sa isa't isa.

1 TESALONICA 5:11-13

Dahil humaharap tayo sa iba't ibang mga pagsubok at minsan ay nawawalan tayo ng pag-asa, nabibigo, at natutuksong sumuko, hindi tayo makakapamuhay nang mag-isa. Kailangan natin ang isa't isa at ang lakas ng loob na naibibigay ng isang komunidad. Ang pagbibigay ng lakas ng loob ay pagbibigay ng tapang, lakas, at inspirasyon upang magpatuloy sa pagtitiis. Magbahagi tungkol sa isang tao na nagbigay sa iyo ng lakas ng loob upang magawa mong magpakatag sa iyong pananampalataya. Ano ang naging bunga nito sa buhay mo?

2 | Pagsabihan ang isa't isa.

Nakikiusap kami sa inyo, mga kapatid, na pagsabihan n'yo ang mga tamad. Palakasin ang mga mahihina sa pananampalataya nila. Maging mapagpasensya kayo sa lahat. **1 TESALONICA 5:14**

Ang mga mananampalataya ay hindi lamang nagbabahagi ng responsibilidad na palakasin ang loob ng isa't isa. Dapat din nating pagsabihan ang isa't isa—magbigay ng babala, manghikayat, at itama ang mga mali. Makikita natin na pinagdiinan nina Pablo, Silas, at Timoteo sa 1 Tesalonica 4:11–12 na ang mga mananampalataya ay dapat na magtrabaho. Si Jesus ay puno ng biyaya at katotohanan (Juan 1:14), at ang Kanyang iglesya ay dapat na magpakita rin nito. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung tayo ay puno ng biyaya ngunit walang katotohanan o kaya ay puno ng katotohanan ngunit walang biyaya? Sa pagsunod natin kay Cristo, bakit kailangan natin ang dalawang ito?

3 | Ipanalangin ang isa't isa.

²³*Pakabalanin nawa kayong lubos ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong pagkatao—ang espiritu, kaluluwa at katawan—hanggang sa pagbabalik ng ating Panginoong Jesu-Cristo. . . .*

²⁵*Ipanalangin n'yo rin kami, mga kapatid. 1 TESALONICA 5:23, 25*

Pinalakas nina Pablo, Silas, at Timoteo ang loob ng iglesia at sila ay *hindi tumigil sa pananalangin* (1 Tesalonica 5:17). Ipinanalangin nila ang mga taga-Tesalonica, at hiniling nila sa mga mananampalataya na ipanalangin din sila. Ang pagbibigay ng ating mga alalahanin sa Diyos, pagbibigay sa Kanya ng ating mga pasanin, at pagtitiwala na pangangalagaan Niya ang ating mga mahal sa buhay ay nagpapakita na tayo ay umaasa sa Kanya at hindi sa ating mga sarili. Ano ang huling panalangin nina Pablo, Silas, at Timoteo para sa iglesia (1 Tesalonica 5:23)? Bilang pagtulad sa halimbawang ito, paano natin maipapanalangin ang isa't isa?

APPLICATION

- Si Jesu-Cristo ay muling magbabalik balang araw para sa Kanyang Iglesia. Paano dapat maapektuhan ng katotohanang ito ang paraan mo ng pamumuhay?
- Bakit mahalaga para sa mga mananampalataya na pagsabihan ang isa't isa? Paano ito nagiging mahirap para sa iyo at paano mo ito maisasapamuhay simula ngayong linggo?
- Isipin ang isang kapamilya o kaibigan na nangangailangan ng lakas ng loob at panalangin. Ano ang maaari mong gawin para sa kanya ngayong linggo?

